




Mga Benepisyo ng Proyekto OVERVIEW



Proyekto na Pagpapalawak ng Trans Mountain



Palalawakin ng Trans Mountain ang kasalukuyang pipeline nito na may habang 1,150-kilometro sa pagitan ng Strathcona County, Alberta at Burnaby, BC. Lilikha ang pagpapalawak ng katambal na pipeline na magdaragdag sa nominal na kapasidad ng system mula sa 300,000 bariles bawat araw hanggang sa 890,000 bariles bawat araw.

Noong Nobyembre 29, 2016, inaprubahan ng Pamahalaan ng Canada ang pagpapasimula sa Proyekto na Pagpapalawak ng Trans Mountain sa ilalim ng 157 kondisyon. Magdaragdag ang pagpapalawak ng humigit-kumulang 980 km ng bagong pipeline at muling pagaganahin ang 193 km ng dati nang pipeline. Upang suportahan ang pinalawak na pipeline, magkakaroon ng 12 bagong pump station, 19 na bagong tangke sa mga kasalukuyang terminal ng imbakan at tatlong bagong daungan sa Westridge Marine Terminal.

Sa kahabaan pa rin ng ruta ng kasalukuyang Trans Mountain Pipeline gagawin ang daan ng pagpapalawak, kung saan praktikal – ang 89 na porsyento ng bagong pipeline ay ilalagay na kaagapay ng kasalukuyang system ng pipeline o linear na imprastruktura, kung saan mababawasan ang mga epekto nito sa kapaligiran at komunidad.


MGA BENEPISYO SA EKONOMIYA

Sa paggawa ng isa pang Trans Mountain Pipeline, tataas ang halaga ng langis ng Canada sa pamamagitan ng pagbubukas ng daan sa pandaigdigang pamilihan kung saan binibili ang mga langis sa mas mataas na halaga, na magresulta sa mas malaking kita sa buwis para sa Canada.

Magbibigay-daan ang pagpapalawak sa mga tagatustos na makakuha ng karagdangang \$73.5 bilyon sa mga kita.

Magresulta ang \$7.4* bilyon n pagpapalawak sa mga direkta at pangmatagalang benepisyo sa ekonomiya sa Canada at sa mga komunidad na dinadaan ng pipeline. Sa pinakamababang pagtatantya ng Conference Board ng Canada, papasok ang \$46.7 bilyon sa kabang-yaman ngpamahalaan sa anyo ng mga buwis at royalty mula sa Proyekto sa panahon ng paggawa at sa unang 20 taon ng pagpapatakbo nito. Makakakuha rin ito ng tinatanyang \$23.2 milyon sa karagdangang taunang buwis sa ari-arian ng munisipyo sa BC at karagdangang taunang \$3.4 milyon sa Alberta, na higit pa sa doble ng kasalukuyang halaga.

Sa pangkalahatan, lilikha ang Proyekto ng mahigit sa 800,000 direkta, hindi direkta at induced na trabaho dahil sa pagpapagawa, pagpapatakbo at mas mataas na netback ng Proyekto. Gagastos ang mga manggagawa sa konstruksyon ng tinatayang \$479.6 milyon sa lugar na matutulugan, pagkain at personal



na gamit sa mga komunidad ng pipeline sa panahon ng paggawa (\$381.7 milyon sa BC at \$97.9 milyon sa Alberta).

* Maaaring mabago ang mga aktwal





MGA BENEFISYO

Naninindigan ang Trans Mountain sa pagbibigay ng mga aktwal na benepisyo sa mga lokal na komunidad na apektado ng pagpapagawa ng ipinapanukalang pipeline.

Noong Disyembre 15, 2016, pumirma kami ng Mga Kasunduan sa Benepisyo ng Komunidad (Community Benefit Agreements) na may kabuuang halaga na \$8.47 milyon sa mga komunidad na nasa 95 porsyento ng daanan ng pipeline. Makakatulong ang mga puhunan na pondohan ang anumang bagay mula sa mga pagpapahusay hanggang sa lokal na pamamahala sa emergency, pagpapaganda ng mga daan at parke, pagpapaayos ng mga imprastruktura o pagsuporta sa mga lokal na programa sa edukasyon at pagsasanay.

Pumirma ang Trans Mountain ng 51 Kasunduan sa Mutual na Benepisyo sa mga komunidad ng Katutubo na maghahati ng sobra sa share ng Trans Mountain na \$400 sa mga komunidad na iyon. Kasama sa mga kasunduan (10 sa Alberta at 41 sa BC) ang lahat ng Katutubong Amerikano na ang Mga Reserba ay dadaanan ng Proyekto at humigit-kumulang 80 porsyento ng mga komunidad na malapit sa right-of-way ng pipeline.



BUMUBUO NG MAS LIGTAS, MAS MATATAG NA PROYEKTO

Sa nakalipas na apat na taon, kinonsulta namin ang libu-libong indibidwal sa pamamagitan ng 159 na open house o workshop sa kahabaan ng pipeline at mga daanan sa dagat, at nangasiwa ng mahigit sa 1,700 pagpupulong sa pagitan ng mga miyembro ng pangkat ng Proyekto at mga pangkat ng stakeholder. Ang mga input at feedback na nakolekta namin ay nagresulta sa Proyektong mas matibay, ligtas at higit pang aktibo sa pagtugon. Nagpahayag kami ng daan-daang matibay na paninindigan na pagtutuunan ang mga alalahanin, at inatasang tugunan ang lahat ng kondisyong ibinigay ng National Energy Board.

Inilaan ang pangunahing gawain sa pagtukoy sa mga posibleng epekto sa kapaligiran at mga pamamaraan sa pagpigil nito upang mabawasan ang panganib at mapahusay ang pagsisikap para sa kapakanan ng kapaligiran. Ganap naming isinaayos ang Proyekto batay sa feedback at mga alalahanin, kabilang ang paggawa ng daan na umiiwas sa mga wetland, parke, mga lugar ilog na may mga nabubuhay na isda. Nagsagawa rin kami

ng mga pagbabago para sa kaligtasan gaya ng pagdaragdag ng mga isolation valve mula sa 94 na ginawang 126, kung saan magreresulta ito ng malaking kabawasan sa potensyal na dami ng natatapon, at pagpapakapal pa sa pader ng pipeline sa mga lugar na mataas ang konsekuwensya, gaya ng mga lokasyon sa siyudad at daanan.

Naninindigan kami sa isang pinahusay na Programa sa Pamamahala sa Emergency, na binuo sa mga kasalukuyang plano at pagtutuo ng kumpanya sa pagpapatakbo, pamamahala at pagproteka sa integridad ng system ng pipeline. Kung matutuloy ang Proyekto, maglalagay ng \$150 milyong puhunan sa Western Canada Marine Response Corporation (WCMRC) upang gumawa ng mga bagong base sa pagresponde sa kahabaan ng ruta ng petrolero at gastusan ang mga bagong kagamitan. Mababawasan nito ang pinaplanong pamantayan sa tagal ng pagresponde sa kalahati at dadagdagan ang mga kasanayan sa pagresponde.

BAKIT ANG TRANS MOUNTAIN?

Ang ipinapanukalang Proyekto na Pagpapalawak ng Trans Mountain ay isang oportunidad para sa Canada na makapasok sa mga pandaigdigang pamilihan para sa mga mapagkukunan nito, sa pamamagitan ng pagtataguyod sa isang kasalukuyang system sa paraang mababawasan ang epekto sa kapaligiran, matutugunan ang mga epektong panlipunan at makakapagbigay ng mga malaking pakinabang sa ekonomiya at oportunidad sa lahat ng Canadian. Ipinagmamalaki namin ang pagtataguyod sa aming 60 taong kasaysayan ng positibong pakikipag-ugnayan sa trabaho at pagpapakita ng paninindigan sa mga ligtas at maaasahang operasyon.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:
Proyekto na Pagpapalawak ng Trans Mountain

✉ info@transmountain.com

☎ **1.866.514.6700**

🌐 transmountain.com

🐦 @TransMtn

📺 [youtube.com/transmtn](https://www.youtube.com/transmtn)

🎵 [soundcloud.com/transmountain](https://www.soundcloud.com/transmountain)

📍 2844 Bainbridge Avenue
PO Box 84028, Bainbridge
Burnaby, BC, V5A 4T9 CANADA

KINDER MORGAN
CANADA

Inilimbag sa recycled na papel

Marso 21, 2017